9

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan 9

## Activity Sheet

## Quarter 2- MELC 1-Week 1

# Konsepto ng Demand



REGION VI – WESTERN VISAYAS

ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 9**
**Learning Activty Sheet 1**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 6- Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **ng Batas Pambansa Bilang 8293**, **Seksiyon 176 na** "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Eduklasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas.

**Mga Bumuo ng Araling Panlipunan 9 Learning Activity Sheet**

**Manunulat:** Elnor Mae M. Barasbaras
**Tagasuri:** Jancen L. Dence, Meah A. Bajande, Melissa L. Prudente, Alicia A. Olid
**Tagaguhit:** Jerome Jordan Z. Ponsica
**Tagalapat:** Eldiardo E. de la Peña, Antonio O. Rebutada

**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia A. Olid

**Regional Management Team:**
Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana , PhD
Elena P. Gonzaga, PhD
Mr. Donald T. Genine
Mary Hazel Vivien P. Pineda, PhD

**MABUHAY!**

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Araling Panlipunan na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

**Learning Activity Sheets (Quarter 2-Week 1)**

Pangalan ng Mag-aaral: ______________________

Grado at Pangkat: ______________________

Petsa: ______________________

**GAWAING PAMPAKATUTO SA ARALING PANLIPUNAN 9 – EKONOMIKS**

# Konsepto ng Demand

## I. KASANAYANG PAMPAKATUTO AT KODA

- Natatalakay ang konsepto at salik na nakaaapekto sa demand sa pang araw-araw na pamumuhay . (Week 1-2/ AP9MYK-IIa-1)

## II. PANIMULA

Ang araling ito ay nakatuon sa pag-aaral ng *demand* bilang isa sa mga batayang kaisipan sa ekonomiks. Sa pag-aaral ng *demand*, malalaman mo bilang isang mamimili kung paano maipapakita ang kagustuhan at kakayahang bumili ng mga produkto at serbisyo bilang tugon sa iyong pangangailangan. Matutuhan mo rin sa araling ito ang mga salik na nakakaapekto sa *demand* at kung paano ito nagbabago dahil sa presyo.

### Ang Konsepto ng Demand

Ang *demand* ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mamimili sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.

### Batas ng Demand

Isinasaad sa *Batas ng Demand* na mayroong *inverse* o magkasalungat na ugnayan ang presyo at quantity demanded ng isang produkto. Kapag tumaas ang presyo, bumababa ang dami ng gusto at kayang bilhin; at kapag bumaba ang presyo, tataas naman ang dami ng gusto at kayang bilhin *(ceteris paribus).*

**Ceteris Paribus**-nangangahulugang ipinagpapalagay na ang presyo lamang ang salik na nakakaapekto sa pagbabago ng quantity demanded, habang ang ibang salik ay hindi nakaaapekto rito.

## Dalawang Konseptong Nagpapaliwanag sa Magkasalungat na Ugnayan ng Presyo at Quantity Demanded:

**1. Substitution Effect**- ipinahahayag nito na kapag tumaas ang presyo ng isang produkto, ang mga mamimili ay hahanap ng pamalit na mas mura. Sa gayon, mababawasan ang dami ng mamimiling gustong bumili ng produktong may mataas na presyo dahil maghahanap sila ng mas mura. Halimbawa, kung mahal ang ballpen maaaring bumili ng lapis na mas mura.

**2**. **Income Effect**- ito ay nagpapahayag na mas malaki ang halaga ng kinikita kapag mas mababa ang presyo. Kapag mababa ang presyo ng bilihin, mas mataas ang kakayahan ng kita ng tao na makabili ng mas maraming produkto. Kapag tumaas naman ang presyo, lumiliit naman ang kakayahan ng kaniyang kita. Lumiliit ang kakayahan ng kita na makabili ng mga produkto o serbisyo kaya mababawasan ang dami ng mabibiling produkto.

## Tatlong Pamamaraan sa Pagpapakita ng Konsepto ng Demand:


1. **Demand Schedule-** isang talaan na nagpapakita sa dami ng kaya at gustong bilhin ng mamimili sa iba't-ibang presyo.

**Demand Schedule para sa Kendi**

| Presyo bawat piraso | Quantity Demanded |
|---|---|
| P5 | 10 |
| P4 | 20 |
| P3 | 30 |
| P2 | 40 |
| P1 | 50 |
| P0 | 60 |


Makikita sa Demand Schedule na kapag mataas ang presyo ng kendi (P5), mababa ang quantity demanded (10) nito. At kapag mababa naman ang presyo ng kendi (P0), tumataas ang quantity demanded (60) nito. Ipinapakita nito ang magkasalungat na ugnayan ng presyo at quantity demanded.

**2. Demand Curve-** ito ay isang grapikong paglalarawan ng ugnayan ng presyo at quantity demanded.




Ang graph sa itaas ay batay sa demand schedule na nasa talahanayan. Kung ilalapat sa graph ang iba't-ibang kombinasyon ng mga presyo at quantity demanded ay mabubuo ang demand curve para sa kendi. Halimbawa, sa punto A na ang presyo ay (P5), sampu (10) ang dami ng kendi na gusto at handang bilhin ng mamimili. Kung tutuntunin ang mga puntong ito hanggang punto F ay makabubuo ng isang kurbang pababa o *downward sloping curve.* Ang kurbang ito ay nagpapakita ng salungat na ugnayan sa pagitan ng presyo at quantity demanded

## Paggalaw ng Demand (Movement along the Demand Curve)




Ipinapakita sa graph ang paggalaw sa demand curve. Mangyayari ang paggalaw ng demand curve kung ang salik na nakaaapekto ay ang sariling presyo

ng produkto. Makikita sa graph na gumalaw ang kurba ng demand mula punto A patungong B dahil bumaba ang presyo ng produkto mula P5 sa P4.

**3. Demand Function**- matematikong pagpapakita sa ugnayan ng presyo at quantity demanded.

$$Qd= a-bP$$

Kung saan:

**Qd= quantity demanded (dependent variable)**
**P= Presyo (independent variable)**
**a= intercept (bilang ng Qd kung ang presyo ay zero)**
**b= slope $\frac{\Delta Qd}{\Delta P}$ (pagbabago sa Qd sa bawat pisong pagbabago sa P)**

Upang mapatunayan na ang datos sa demand schedule sa itaas at ang demand function ay iisa, suriin at pag-aralan ang kompyutasyon sa ibaba.

Demand Function mula sa Demand Schedule para sa kendi: **Qd=60-10P**

**Kapag ang P=1 Qd=?**
Qd= 60-10P
Qd= 60-10(1)
Qd= 60-10
**Qd=50 piraso**

**Kapag ang P=5 Qd=?**
Qd= 60-10P
Qd= 60-10(5)
Qd= 60-50
**Qd= 10 piraso**

Gamit ang demand function ay maaaring makuha ang dami ng quantity demanded kung may given na presyo. I-*substitute* ang presyo na piso sa variable na P at i-*multiply* ito sa slope na 10. Ang makukuhang sagot ay ibabawas sa 60. Mula rito ay makukuha ang sagot na 50 na *quantity demanded*.

## III. MGA SANGGUNIAN

Ekonomiks-Araling Panlipunan-Modyul para sa Mag-aaral-Unang Edisyon 2015

## IV. MGA GAWAIN

**A. Mga Panuto Batay sa Sanggunian**

Basahing mabuti ang Learning Activity Sheet mula pahina 1 hanggang pahina 4 upang masagutan ang mga sumusunod na gawain.

## B. Pagsasanay/Aktibidad

### Gawain 1: DEMAND READING

Lagyan ng **(√)** ang kolum ng **Sang-ayon,** kung naniniwala ka na tama ang pahayag tungkol sa konsepto ng *demand* at lagyan naman ng **(X)** ang kolum kung ikaw ay **Di sang-ayon.**

| Pahayag | Sang-ayon | Di-sang ayon |
|---|---|---|
| . Ang *demand* ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na gusto at kayang bilhin ng mamimili sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon. | | |
| . Ang ugnayan ng presyo at *quantity demanded* ay maaaring ipakita gamit ang *demand schedule*, *demand curve*, at *demand function*. | | |
| . Ayon sa Batas ng Demand, ang presyo at *quantity demanded* ay mayroong tuwirang relasyon. | | |
| . Ang *ceteris paribus assumption* ay ginagamit upang ipagpalagay na ang presyo lamang ang salik na nakaaapekto sa pagbabago ng *quantity demanded* habang ang ibang salik ay hindi nagbabago o nakaaapekto rito. | | |
| . Ang *income effect* ay nagpapahayag na kapag tumaas ang presyo ng isang produkto, ang mga mamimili ay hahanap ng mas murang pamalit dito. | | |

### Gawain 2: I-DEMAND, ITALA, at IKURBA

Ipagpalagay na ang *demand function* ay **Qd = 50 - 2P**. Pagkatapos nito ay ipakita ito sa pamamagitan ng paggawa ng *demand curve* at sagutan ang mga pamprosesong tanong sa ibaba.

**Demand Schedule para sa Baso ng Buko Juice**

| Presyo Bawat Baso (Php) | Quantity Demanded |
|---|---|
| 6 | |
| 8 | |
| 10 | |
| 12 | |
| 14 | |

**C. Mga Batayang Tanong**

- ✓ Batay sa iyong napag-aralan, ano ang kahulugan ng demand?

  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
  _____________________________________________________________.

- ✓ Ano ang isinasaad sa batas ng demand?

  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
  _____________________________________________________________.

- ✓ Anu-ano ang mga paraan na nagpapakita sa ugnayan ng presyo at quantity demanded? Ibigay ang kahulugan ng bawat isa ayon sa iyong natutunan mula sa aralin.

  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
  _____________________________________________________________.

## V. REPLEKSIYON

Sa kabuuan, ano ang kahalagahan ng paksang ito sa iyo bilang isang consumer o mamimili? Ibahagi ang iyong opinyon.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_____________________________________________________________.

## VI. SUSI SA PAGWAWASTO

GAWAIN 1

1. SANG-AYON
2. SANG-AYON
3. DI-SANG AYON
4. SANG-AYON
5. DI- SANG AYON

GAWAIN 2

| P | Qd |
|---|---|
| 6 | 38 |
| 8 | 34 |
| 10 | 30 |
| 12 | 26 |
| 14 | 22 |

GAWAIN 2

